



## *Sa Aming Nayon*

DOLCEMINA ONG, B.S.E.-IV

*dagling lumilitaw sa isipan*
*isang pangyayaring matagal nang nakaraan*
*may dalang tuwa at kasiglahan*
*may dala ring bakas ng kalungkutan*

*panahon noon ng bakasyon*
*sa aming nayo'y may pagpupulong*
*maraming tao sa plasa'y naiipon*
*pati ang tatay at tatlo kong ninong*

*indong, siyang tawag sa tatay ko*
*gorio, sa pangunang ninong ko*
*kikoy ang doon sa ikatlo*
*ang sa ikalawa nama'y mang kadyo*

*nang magsalita ang pinunong bayan*
*ang lahat ay walang imikan*
*maliban kay tatay at mang kadyo*
*si kikoy at si gorio*

*ang kani-kanilang maybahay ang pinag-*
*uusapan*
*at silang lahat ay nagkakaunawaan*
*na parang tigre raw kung sa bakbakan*
*ang mga babaing walang isipan*

*kaya sila'y gumawa ng paraan*
*na sa makalawa'y manalo sa bakbakan*
*at si mang kadyo ang nagmungkahi*
*na lalabas raw sa bahay ng pakunwari*

*ang apat na magkaibiga'y nagkasunduan*
*at nang matapos ang kanilang usapan*
*iisa-isa't sa bahay nag-uuwian*
*handang-handa nang makilaban*

*nang umaga ring yaon*
*sa plasa rin ang apat humantong*
*kuwento nila'y di magkaiba*
*lahat sila'y may nalabing isang mata*

*ang bawat isa'y pinagsabihan*
*siyang sanhi ng kaguluhan*
*kaya nang sila'y nagkainitan*
*sila na rin ang nagbugbugan*

*nang dumating ang mga tanod ng bayan*
*lahat sila'y dinala sa himpilan*
*kaya sinabi ng mga taong bayan*
*silang apat ay magkasama hanggang kamata-*
*yan*

## *Buhangin ng Dalampasigan*

V. A. FLORDELIZ

*Oh, buhangin ng dalampasigan!*
*kay ganda mong pagmasdan!*
*Ang nagliliitan mong anyo,*
*ay ganda at sining ng karagatan.*
*Napakapalad mo —, mga yapak at bakas*
*ng magsing-irog ay nakatatak sa dibdib mo.*
*At nasa mga kamay mo ang mga*
*kasaysayan*
*ng pag-ibig sa buong mundo.*
*Malaya kang nakikipagharot,*
*Sa mga alon ng dalampasigan.*
*Ang lungkot ng sawi ay ma-*
*lulunasan kung kayo'y masilayan.*
*Ngunit ikaw'y di palaging ganyan.*
*Pagkat ikaw'y saksi rin ng kalupitan ni*
*kamatayan.*
*Malalamig na bangkay na minsa'y sa*
*iyo'y nakahimlay.*
*Oh, buhangin ng dalampasigan*
*katulad mo ay isang dulaan.*
*Iba't-ibang anyo ng Buhay ay*
*nagaganap sa iyong kandungan.*

## *Daigdig ng Karukhaan*

V. A. FLORDELIZ

*Lumisan kang may dahilan.*
*Sa akala ko ba'y ako'y pinagtampuhan.*
*'yan pala'y napag-alaman mo,*
*na ako'y kasingbaba ng damo.*

*Ikaw'y bituin at bulaklak ng lipunan.*
*Kahit ako'y tumingala upang ikaw ay*
*mapagmasdan;*
*ay di maabot ng aba kong paningin,*
*Ang angkin mong kagandahan.*

*Ikaw'y sa akin umibig, gayon din ako.*
*Pagmamahalan at paglalambingan nati'y*
*lumikha ng isang paraiso.*
*Paraisong punong-puno ng kaligayahan,*
*ngunit nababalutan ng kahiwagaan.*

*Pagka't ang daigdig mo ay ginintuan,*
*samantalang ang sa aki'y luntian.*
*Nalilibutan ka ng kasaganaan,*
*Samantalang ang sa aki'y kalungkutan*
*Na siyang sanhi at dahilan upang ako'y*
*iyong iwasan sa daigdig ng karukhaan...*

---

# Lagi mong Sinasaktan Ang sino pang Nagmamahal sa Iyo

Ni SINFOROSO E. BUENVIAJE, COM.-IV

MASAKIT AMININ ang katotohanang may isang mahirap ipaliwanag na ugali ng taong saktan ang damdamin ng nagmamahal sa kanya. Ang nilalang na nagmamahal ng lubos, na taos pusong umiibig sa kanya ay siya pang naging biktima ng kanyang walang karapatdapat na pagtitikis. Ngunit hindi niya nalaman na siya'y tagasunod lamang sa isang matagal nang salawikaing "Lagi mong Sinasaktan ang sino pang nagmamahal sa iyo."

Ang mga katagang ito'y winika ng mga makata at sinambit ng mga manunulat, inawit ng mga dayuhan at isinalin sa Wikang Pilipino. Ito'y naging bukambibig ng balana ngunit hindi nila isinapuso at inunawa ang angkop na kahulugan nito. At naging sikat na awitin sa himig ng isang masamyong tugtugin at ang tamis nito'y tumatagos sa kaibuturan ng ating puso.

"Ngunit bakit mo nga ba sinaktan ang damdamin ng taong 'di mo dapat saktan, bakit?"

Sa dalawang magkatipan malimit mangyaring hindi isina-alang-alang ng isa ang kabanalan ng pagmamahal ng katipan datapuwa't naging taksil ito sa kanilang pag-iibigan hanggang sa isang araw ay magising ito sa kanyang pagkakamali. Ngunit sa kanyang pagkakagising ay naging huli na, sapagkat ito'y nakasugat na ng malalim sa damdamin ng minamahal at naging sanhi na ng pag-agos ng masaganang luha sa kaawa-awa. Nasaan ang katarungan at bakit mo siya sinaktan, masasabi mo ba sa akin ang dahilan? At tiyak na hindi mo masabi sapagkat hindi mo maintindihan ang iyong damdamin. Hindi mo kayang tarukin ang iyong damdamin...hinding-hindi...

Ang kasabihang "Huwag mong gawin

## *Sumpaan at Pangako*

LOURDES B. UNABIA, B.S.E.-II

*Sariwa pa niyaring di makakalimot kong isipan,*
*Yaong sumpaang wari'y ginto kung tularan,*
*Tanikalang nag-uugnay sa ating pusong*
*taos na nagmamahalan,*
*Bagama't nagkahiwalay at nagkalayo,*
*ay udyok ng ating kapalaran.*

*Sumpaang nagbigay kahulugan sa bawat*
*pintig ng ating puso,*
*Na sa mababagsik na alon ng kapalaran*
*kailanmay di maiigupo,*
*Pangakong taglay ang bantayog ng pangarap*
*at pag-ibig,*
*Gumuho man ang mundo'y palalo pa ring nakatindig.*

*Yao'y naganap sa isang sandaling kapanga-pangarap,*
*Damdamin nating tigib ng ligaya'y waring*
*nakalutang sa alapaap,*
*Mahinang hampas ng alon sa dalampasigang*
*ating kinauupuan,*
*Tila nakikiramay din sa ating paglisan.*

*Ang paglayo ko'y di dapat ipangamba*
*mahal ko,*
*Alaala mo'y gabay ko sampu ang iyong pangako,*
*Sa isakatuparan ng tagumpay na aking pinapangarap,*
*Maging katumbas man nito'y matinding paghihirap.*

*Dalangin kong mananatili kang tapat, at iyon pag-iingatan*
*Ang pag-ibig kong wagas na sa kandungan mo'y naiwan,*
*At pagsisikapan kong sa iyo'y di magbabago;*
*sa paglingap ay di magkukulang,*
*Maging kamatayan ma'y sa ati'y di*
*makahahadlang.*

*Dalangin ko ring maabot at aking makamtan*
*Ang lungatiin ng buhay na siya*
*kong inasam-asam,*
*Na maipagmamalaki ko't maihandog,*
*maialay,*
*Sa paanan ng mga nilikhang bahagi ng aking buhay.*

## *Ayon Kay Rizal*

RODULFO U. SANTOS

*Noong araw bata pa si Rizal,*
*Lalaki lang daw ang nakapantalon;*
*Ngunit ngayon hindi na raw,*
*Pati sastrirya pangbabae na daw.*

*Si Maria ayon pa rin kay Rizal*
*Mahinhin ang kilos at kahalihalina;*
*Walang kulay sa pisngi, buhok hanggang paa,*
*Kapilas at tulad ni Eba.*

*Bakit ngayon buhok hanggang batok,*
*Pati ang barberya ay pinapasok,*
*Ang mga pisngi kulay asul at pula,*
*Parang nakasuot nga antipas ni "Drakula."*

*Kaya ngayon Adan magsikap ka,*
*Baka pati titulo mo mapalitan pa;*
*Ang turing sa iyo noon Padre de pamilya,*
*Malaking kahihiyan pag naging madre de pamilya ka.*

*Labis na ang takbo ng kabihasnan,*
*Marami na ang kusang nagpapabaya;*
*Darating ang araw pag sukdulan na ang pagkasugapa,*
*Walang mintis ay madadapa ka.*

*Ang sa akin at sa inyo ay paalala,*
*Huwag masasaktan sa aking pamumuna*
*Sa hangad kong muli tayong magsimula,*
*Matisod man tayo hindi basta mararapa.*

---

*Asahan mong ako'y babalik upang ating tutuparin,*
*Yaong sumpaa't pangakong bahagi na*
*ng bawat hangarin,*
*Katuparan ng kaligayahang nais, sa ati'y itinakda,*
*Ng Dakilang higit na makapangyarihan*
*sa lahat ng nilikha.*

---

sa iyong kapuwa ang isang bagay na ayaw mong gagawin sa iyo" ay iyong sinuway. Ngunit papaano kung maging tumbalik ang pangyayari, halimbawa . . .

Ikaw naman ngayon ang taos-pusong umiibig sa iyong kasintahan, minahal mo siya ng buong katapatan, sinamba at iginagalang. Naging matapat sa inyong mga matatamis na pangako na sa dako pa roon ay naghihintay ang isang lalo pang magandang bukas na inyong paghahatian. Iginalang mo ng lubusan ang kanyang karangalan at pagkababae na huwag madungisan. Sinunod mo ang kanyang bawat naisin sapagkat ayaw mong masaktan ang kanyang damdamin. Sapagkat ayaw mong siya'y luluha at magtatampo, at gusto mong maging isang uliran na kasintahan. Ganyan katamis ang inyong pagmamahalan. . .hanggang . . .isang araw. . .

Ang babaing minamahal mo ay biglang nagtaksil at nagtalusira at ikaw ay kanyang iniwan. . . Biglang dumilim ang langit sa iyo. Nasugatan ang iyong puso ng isang sugat na napakalalim at sa wari'y hindi na maghihilom. Napakasakit pala ang mabigo. At ibig mo nang magpakamatay at tapusin ang lahat, ngunit nanaig ang iyong pagkatakot sa Diyos. Nalalaman mong ang pagpatiwakal ay isang malaking kasalanan laban sa kautusan ng Diyos. Kaya ang minabuti mong ginawa ay ang pilit siyang limutin, pinilit mong magpakabuti sa iyong pag-aaral, hanggang sa nagtagal, ay pinaghilom ng panahon ang sugat ng iyong puso, sapagkat ang PANAHON ay siyang mabisang lunas ng lahat.

At ngayon ay naitanong mo sa iyong sarili. "Bakit ako sinaktan ng aking mahal—akong siyang 'di niya dapat saktan?" Bakit. . . O bakit?. . . Ngunit kung iyong naala-ala ang kahapong nagdaan, kung iyo pang naala-ala ang iyong ginawa sa iyong unang kasintahan. . .naging malimutin ka na ba nang ikaw rin ay nagtaksil? Nang saktan mo rin ang damdamin at puso ng babaing tunay na umiibig at nagmamahal sa iyo? Ano man ang hapdi at kirot na iyong ginawa ay siya mo ring naramdaman." Hindi mo sana sinaktan ang damdamin ng taong 'di mo dapat saktan."

Uli-uli ay huwag gawin sa kapuwa ang isang bagay na ayaw mong gagawin sa iyo. Maliwanag ba?